# Family Tree na Tumubo sa Anit

**LOLO**

Si lolo ay laging nakapomada.
Kahit wala nang buhok, Elvis ang asta.
Kahit kanto lang ang punta, nakaporma.
Kahit tirik ang araw, pumupustura.

Bulilit n'yang apo'y ayaw pahahalik.
Amoy ng pomada kasi'y dumidikit.
At kapag mainit, tutulo ang pawis.
Sa matambok niyang pisnging nanlalagkit.

Dahil ayaw naming pahahalik sa kanya,
Panakot sa'min pag siya'y namatay na,
Peluka'y 'pangingiliti sa'ming paa,
At laging maaamoy ang pomada.

**LOLA**

Namumuti na'ng mga buhok ni Lola
Pero malinaw pa rin ang kanyang mata.
Nagliliwanag ang buhok n'ya sa dilim
Kaya nananahi kahit takipsilim.

Buhok ni Lola ay walang kasintibay.
Isang sirena raw kasi ang may bigay
Ng buhok niyang puwedeng gawing lubid
Na panali sa timba ‘pag mag-iigib.

Itong dahilan kung bakit hanggang sakong
Ang buhok ni lola na paalon-alon.
Wala yatang gunting na kayang gumupit
Sa kanyang buhok na di mapatid-patid.

Tinutulungan ko siya sa pagsuklay
Para di mawala ang lakas n’yang taglay.
Mahal ni lola ang buhok n’yang mahaba,
Kaya ito’y aming alagang-alaga.

## TATAY

Sa tuwinang uuwi ang aming tatay
Mula sa barkong pinagtatrabahuhan,
Napapansin kong pataas nang pataas
Ang buhok sa noo dahil nalalagas.

Pupuwedeng may kinalaman ang ginaw
Sa malalamig na bansang pinuntahan.

Kunsumido rin daw siya kapag mag-isa
At ‘pag hinahanap-hanap ang pamilya.

Subalit kapag umuuwi si tatay,
Para bang lumulubha ang kanyang lagay.
Sa bahay ay sandamakmak ang problema.
Baka hiling niyang wala na lang siya.

Di ko matandaan ang kanyang hitsura
Nu’ng malago pa’ng buhok at merong sigla.
Ngayong malaki na sina kuya’t ate.
Pasaway na sila at nag-iinarte.

Napapakamot na lang lagi ng ulo
Si tatay dahil ayaw niya ng gulo.
Siguro, siya rin ay napapaisip
Kung aalis pa ba siya o babalik.

**NANAY**

Lila, pula, asul, berde, rosas, dilaw,
‘Yan ang mga kulay ng buhok ni nanay.
Masaya s’ya sa kanyang mga peluka.
Sa kanyang amiga ay ibinibida.

Buhok man ‘to ng tao o ng kabayo,
Isinusuot n’ya, iminumudelo.
Tuktok ng ulo n’ya kasi’y napapanot
Dahil lagi s’yang nagbubunot ng buhok.

Pagbubunot niya ay di maiwasan
Lalo na kapag umaalis si tatay,
O di kaya’y nasa lakwatsa si kuya
At si ate’y di alam kung sa’n nagpunta.

Mukha raw siyang may sakit sa peluka
Pero iyo’y kanya lang itinatawa.
Sa napakakulay na buhok ni nanay
Natatapalan ng ligaya ang lumbay.

**ATE**

Sa amin, si ate ang pinakakulot.
Natural na natural ang kanyang buhok.
Buhok niya ay laging nakabuhaghag
Kahit patay na buhok ang nakaladlad.

Dahil pinakakulot ang kanyang buhok,
Sinasagad niya kami’t sinusubok.
Naglalagalag nang walang pasabi.
Iyon pala ay pumupunta sa rally.

Mas gusto pa ng tatay na magka-boyfriend
Si ate o di kaya nama'y girlfriend.
Basta huwag lang daw mamundok
At di mahanap sa kung saang lupalop.

Ayaw ng nanay at tatay sa rebelde
Pero wala silang magawa kay ate.
Ganoon daw 'pag may sungay na ang ulo.
Gagawin lahat ng anumang ginusto.

**KUYA**

Tinutukso namin si kuyang kabayo.
Ang gupit niya kasi'y sunod sa uso.
Mohawk ang nagustuhan niyang hairstyle.
Gayunpaman, sa kanya ito ay bagay.

Hard core yatang rakista ang aming kuya.
Tumutugtog siya kahit sa kalsada,
Ilalim ng tulay, overpass, o school.
Makamasa raw siya, hindi ba ang cool?

Pero ang nanay at tatay, naiinis.
Wala kasi s'yang inaral kundi music.
Mabuti pa raw kung aakyat ng barko

Si kuya’t doon tutugtog ng piano.

Kasintigas ng gel sa buhok ang ulo.
Dito raw sa bansa s’ya magtatrabaho.
Kaya, ulo ni tatay ay sumasakit.
At si nanay ay di na lang umiimik.

**DIKO**

Balakubak ni diko ay tumutulo.
Isang banlaw lamang kasi kung maligo.
Si diko ay palaging nagmamadali.
Kasi, sa computer game s’ya nakatali.

Noong minsang tingnan ko ang kanyang anit.
Merong mapa ng Pinas na nakaguhit.
Nang kutkutin ko ‘to at kunin nang buo.
Aba, balakubak palang namumuo!

Sinusundo pa siya sa computer shop,
Pero madalas, di s’ya mahanap-hanap,
Kaya kulang s’ya sa tulog at pagkain.
Di na magtataka kung maging sakitin.

Sa DOTA niya inuubos ang  baon

Kaya siya ay laging nasisinturon.

Pero sige ang laro, para bang adik.

Sa Ragnarok online ay sabik na sabik.

**TITA**

Buhok ni tita ay laging naka-rebond.

Ayaw n'ya ng kulot kaya inuunat.

Sa'ming lahat, buhok n'ya ay naiiba.

Dahil ayaw n'ya sa buhok ng pamilya.

Napapangitan din siya sa'ming ilong.

Pareretoke daw n'ya 'pag nakaipon.

Di ko alam kung bakit s'ya nahihiya.

Kulot man o pango, Diyos ang may likha.

Dahil di pa kayang 'pagawa ang ilong

Sa pagpapa-rebond n'ya ibinubunton

Ang pagpapa-beauty kahit installment

At kahit buhok niya'y puro split ends.

**TITO**

Pangmilitar ang buhok ng aming tito
Dahil sa PMA s'ya nagseserbisyo.
Nakapagtatakang hindi s'ya mahigpit.
Mahaba ang pasensya't di nagsusungit.

Sa'kin din lagi s'yang nakikipaglaro
Ng lutu-lutuan at pati nga piko.
Turing n'ya sa akin ay tunay na anak
Dahil sa pag-aasawa'y di pinalad.

Pero itong aking tito'y kakaiba.
Minsa'y pinaglaruan n'ya ang peluka
Ng nanay ko. Aba, ako ay nagulat!
Nang makita n'ya ko, siya ay kumindat.

**BUNSO**

Lagi akong tinutuksong kuto-kuto
Kaya lagi akong may hawak na bato!
Galit si lola pag ako'y may kaaway.
Inaalis ang bato sa aking kamay.

Dapat daw kuto’y suyurin nang suyurin.
At lahat ng mga lisa ay tirisin.
Pero kapag nakita ko na ang suyod
Kay lola ako ay namamanikluhod.

Para kasiakong sinasabunutan
Sa t’wing ang suyod sa buhok ay gagapang.
Kapag hindi raw ako nagpahinguto
Sa tuktok ng kawayan ang aking tungo.

Liliparin daw ako na parang lobo
At uubusin ang utak ko ng kuto.
Kaya, ‘wag na raw maglaro pag tanghali.
Nakatirik na araw ang siyang sanhi

Ng isang libong kutong nakakadiri.
Maniwala ako’t gano’n ang nangyari
Sa kababata niyang laro nang laro.
Sabi ni lola, di raw s’ya nagbibiro!

***PUNO'T DULO***

*Tumubo ang aming*

*Family tree sa anit*

*At mula sa puno*

*Makikita ang bunga.*

*Samahan nami'y*

*Masasabing maganit*

*Kahit namunga man*

*Ng mansanas ang mangga.*

*Isa pa rin ang pusód*

*Ng aming pamilya.*